ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Huwebes—Ikalawang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Dalawa

Ang Diyos ni Abraham na Nakita sa Kanyang mga Pakikitungo kay Abraham

Babasahin sa Kasulatan: Gawa 7:2; Gen. 12:7-8; 13:14-17; 14:17-20; 15:1; 17:1; 18:1; 24:14

I. Ang Diyos ni Abraham (Exo. 3:15) ay nakikita sa Kanyang mga pakikitungo kay Abraham gaya ng mga sumusunod:

A. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng kaluwalhatian, sa Kanyang unang pagpapakita kasama ang Kanyang unang pagtawag at ang Kanyang unang pagsasalita kay Abraham, bilang malaking magnet at dakilang pangganyak kay Abraham na nagpakilos sa kanya upang lumabas mula sa lupain ng makasatanas na idolatriya—Gen. 11:31; Gawa 7:2-4a:

1. Sa pamamagitan ng Kanyang muli't muling pagpapakita kay Abraham, isinalin ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa loob niya, sinasanhi siyang makaranas ng isang espiritwal na paglalalin—Gen. 12:1-3, 7-8; 13:14-17; 15:1-7; Roma 4:3; Gen. 18:17-19; cf. Gawa 26:16; 22:14-15.
2. Si Abraham ay nakarating sa Canaan dahil ang Diyos ay masugid; matibay na pinanghahawakan ng Diyos ang Kanyang bayan; Siya ay isang Diyos na hindi bibitaw—Juan 10:28-30; Jud. 24.
3. Inihayag ang Diyos kay Abraham bilang Tagapag-aring-matuwid ng Kanyang sumasampalatayang bayan na nasalinan Niya bilang kanilang sumasampalatayang elemento upang maging kanilang pananampalataya, na siyang kanilang pagpapahalaga sa Kanya bilang dibinong reaksiyon sa Kanyang pag-akit—Gen. 15:1-6; Heb. 12:1-2a; Gal. 2:20.

B. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng pagpapala, sa Kanyang ikalawang pagtawag kasama ang Kanyang ikalawang pagsasalita kay Abraham, nangangako sa kanya na gagawin Niya siyang isang malaking bansa, gagawing dakila ang kanyang pangalan, at gagawin siyang pagpapala sa iba at ang lahat ng pamilya sa lupa ay pagpapalain sa pamamagitan niya; ito ang umakit kay Abraham na magtungo sa mabuting lupain ng dibinong pangako—Gen. 12:1-4:

1. Ayon sa Galacia 3:14, ang pagpapala na ipinangako rito sa katunayan ay ang Diyos Mismo bilang ang Espiritu; ang pinakamalaking pagpapala ay ang Tres-unong Diyos—ang Ama, Anak, at Espiritu—bilang ang naproseso, nagpapaloob ng lahat, Espiritung nagbibigay-buhay na naninirahan sa loob natin sa isang napakasubhektibong paraan para sa ating pagtatamasa—6:18; Fil. 1:19.
2. Sinuman ang sumusumpa sa bayan ng Diyos ay makatatanggap ng sumpa, at sinuman ang nagpapala sa bayan ng Diyos ay makatatanggap ng pagpapala—Bil. 23:21; 24:5, 9; cf. 1 Cor. 1:2; 2 Cor. 5:17.

C. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng lupa, sa Kanyang ikalawang pagpapakita kasama ang Kanyang ikatlong pagsasalita, sa pangangako kay Abraham na ibibigay Niya ang lupain ng Canaan sa kanyang binhi—Gen. 12:6-7.

D. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng lihim na pangangalaga para sa Kanyang hinirang, sa pagliligtas kay Abraham mula sa pang-iinsulto ng Faraon sa kanyang asawa—bb. 10-20.

E. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng kaaliwan at paghihikayat, sa Kanyang ikaapat na pagsasalita, pagkatapos iwan ni Lot si Abraham, sa pangangako na ibibigay kay Abraham at sa kanyang binhi ang lupain ng Canaan hanggang sa abot ng kanyang matatanaw sa apat na direksiyon at pararamihin ang kanyang binhi na gaya ng alabok ng lupa—13:14-17:
   1. Si Kristo bilang binhi ni Abraham ay dapat maisagawa sa loob natin upang Siya ay maisilang sa pamamagitan natin para sa Kanyang pagpaparami—Gal. 3:16; 1:15-16; 2:20; 4:19.
   2. Ang lupain ng Canaan ay sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu sa ating espiritu para sa ating pagtatamasa upang tayo ay mabuoan Niya para sa Kanyang sama-samang kahayagan—Col. 1:12; 2:6-7; Gal. 3:14; 5:16, 25.

F. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos na Kataas-taasan, Nagmamay-ari ng langit at lupa, sa Kanyang dibinong panustos kasama ang Kanyang pagpapala kay Abraham sa pamamagitan ng Kanyang saserdote na si Melquizedek pagkatapos makipaglaban ni Abraham sa apat na hari—Gen. 14:17-20.

G. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng kalasag at napakadakilang gantimpala, sa Kanyang ikalimang pagsasalita (sa pagkakataong ito ay sa isang pangitain) kay Abraham, nang natakot siya sa paghihiganti ng apat na hari, sa pagtukoy kay Abraham na ang kanyang makalangit na binhi sa kanilang dibinong kalikasan ay magiging kasindami ng mga bituin sa langit na hindi kailanman mahahawakan ng sinuman sa lupa; sumampalataya si Abraham kay Jehovah, at ibinilang ito sa kanya ni Jehovah bilang katuwiran—15:1-6.

H. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng katapatan, sa paunang pagsasabi kay Abraham, sa Kanyang ikaanim na pagsasalita sa kanya sa kanyang mahimbing na pagtulog, na ang kanyang makalupang binhi sa kanilang pantaong kalikasan ay magiging mga nakikipamayan sa Ehipto, maglilingkod sa mga Ehipcio, pahihirapan nila sa loob ng apatnaraang taon, at sa kanilang ikaapat na henerasyon ay babalik sa Canaan; at Siya ay ang Diyos ng katapatan, sa pakikipagtipan sa kanya na ibibigay Niya sa kanyang binhi ang lupain mula sa ilog ng Ehipto hanggang sa malaking ilog Eufrates—bb. 12-21.

I. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng katahimikan, dahil sa katunayan na pinakinggan ni Abraham ang kanyang asawang si Sarah at pinakasalan si Hagar upang magkaroon ng anak sa pamamagitan ng pag-eensayo ng kanyang laman nang siya ay walumpu't anim na taong gulang (16:1-4, 15-16); pagkatapos ay nanahimik ang Diyos kay Abraham sa loob ng labintatlong taon, hanggang sa siya ay naging siyamnapu't siyam na taong gulang, at muling nagpakita sa kanya ang Diyos (17:1).

J. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng lahat ng kasapatan, sa Kanyang ikatlong pagpapakita kasama ang Kanyang ikapitong pagsasalita kay Abraham, sa pagiging Diyos ng pagtutuli upang putulin ang natural na tao sa laman ng Kanyang piniling bayan upang sila ay maging ang bagong nilikha ng Diyos, na isinagisag ni Isaac na ipinanganak sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, hindi ni Ishmael na ipinanganak sa pamamagitan ng laman ni Abraham—bb. 1-21; Gal. 4:22-31:
   1. Ang Diyos ay inihahayag bilang ang Sumasapat sa lahat na Diyos (Heb. *El Shaddai*) upang ang Kanyang mga mananampalataya ay lumakad sa Kanyang presensiya, patuloy na tinatamasa Siya at ang Kanyang sumasapat sa lahat na panustos, at maidagdag ang Diyos sa kanila bilang elemento at salik ng kanilang kasakdalan—Gen. 17:1.

2. Ang dibinong titulong *El Shaddai* ay binubuo ng dalawang salitang Hebreo—ang *El* ay nangangahulugang "ang Makapangyarihang Isa," at ang *Shaddai* ay nagmula sa salitang Hebreo na nangangahulugang "dibdib" o "suso."
3. Kaya, ang Diyos ang Makapangyarihang Isa na may suso, ang sumasapat sa lahat na Makapangyarihang Isa upang maging ang Tagapagpakain, Tagapagbigay-lakas, at masaganang Tagapagtustos ng Kanyang mga tinawag, na patuloy na tumatanggap sa Kanya—Fil. 1:19-21a; Gal. 3:2, 5; Juan 1:16.
4. Ang Sumasapat sa lahat na Diyos ay ang Diyos ng pagkapako sa krus para sa pagtapos ng ating natural na tao sa laman at ang Diyos ng pagkabuhay na muli para sa pagsibol ng ating bagong tao para sa bagong nilikha—Gen. 17:1-21; 22:1-10; Col. 2:11; Gal. 5:24; 1 Ped. 1:3; 2 Cor. 5:17; Fil. 3:3.

K. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos na may Kanyang pantaong pakikipagkaibigan, sa Kanyang pagdating (sa Kanyang ikaapat na pagpapakita kasama ang Kanyang ikawalong pagsasalita kay Abraham) bilang isang tao, sa anyo ng isang tao, upang bisitahin si Abraham bilang Kanyang kaibigan (2 Cron. 20:7; Isa. 41:8; Sant. 2:23) sa antas ng pagkatao, na kasamang lumakad ni Abraham at nakipag-usap kay Abraham bilang isang kaibigang tao sa isang kaibigang tao, hinggil sa Kanyang paghahatol sa Sodoma, kung saan namumuhay ang pamangkin ng Kanyang kaibigan na si Lot at ang kanyang pamilya (Gen. 18—19).

L. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos na may pakikipagkaibigan sa pagkatao, sa pagpapalabas sa pamangkin ni Abraham at sa kanyang dalawang anak na babae mula sa pagkawasak ng Sodoma, para sa pag-alaala kay Abraham bilang Kanyang matalik na kaibigan—bb. 29, 12-22.

M. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos na makapangyarihan sa lahat na may pangkaibigang pangangalaga, sa pagliligtas sa Kanyang malapit na kaibigang si Abraham, sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihang makapangyarihan sa lahat, mula sa pagkawala ng kanyang asawang babae kay Abimelech, ang hari ng Gerar—kap. 20.

N. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng kawalang-pagbabago sa pagpapanatili ng prinsipyo ng Kanyang biyaya, sa pagkilala kay Isaac, na kanyang anak kay Sarah, bilang kanyang kaisa-isang anak, sa Kanyang ikasiyam na pagsasalita kay Abraham—21:1-12.

O. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos na may Kanyang pagsubok, sa pagpapatunay kay Abraham, ang Kanyang matalik na kaibigang tao, sa pamamagitan ng paghiling sa kanya na ialay ang kanyang kaisa-isang anak, na kanyang iniibig, bilang isang handog na sinusunog sa Kanya, sa Kanyang ikasampung pagsasalita kay Abraham—22:1-10.

P. Ang Diyos ni Abraham ay ang Tres-unong Diyos ng probisyon (Heb. *Jehovah-jireh*), sa Kanyang pagbibigay ng isang tupang lalaki upang palitan si Isaac bilang isang handog na sinusunog sa Kanya (bilang ang Anghel ni Jehovah—si Kristo), sa Kanyang ikalabing-isang pagsasalita kay Abraham—bb. 11-14.

Q. Ang Diyos ni Abraham ay ang Tres-unong Diyos ng pagpapala, sa Kanyang ikalabindalawang (huli) pagsasalita kay Abraham, nangangako sa kanya na Kanyang (bilang ang Anghel ni Jehovah—si Kristo) pagpapalain siya at pararamihin ang kanyang binhi gaya ng mga bituin sa kalangitan at gaya ng buhangin sa baybayin ng dagat at na sa kanyang binhi (si Kristo) ay pagpapalain ang lahat ng bansa sa lupa—bb. 15-18.

R. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng pakikipagkaibigan sa antas ng tao, sa pangunguna sa matandang lingkod ng Kanyang kaibigang si Abraham upang kumuha ng asawang babae para sa kanyang anak na si Isaac—kap. 24.

II. Sa kabuoan, ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng pagsasalita sa Kanyang pagpapakita, na may pagtawag, sa isang pangitain, at sa pantaong pakikipagkaibigan, upang ihayag sa Kanyang matalik na kaibigan sa lupa kung ano ang hinahangad Niyang kahinatnan niya at kung ano ang nais Niyang gawin niya ayon sa naisin ng Kanyang puso para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya para sa Dibinong Trinidad.

© 2026 Living Stream Ministry